

KARANIWANG TANONG UKOL SA GLAUCOMA

(Frequently Asked Questions about Glaucoma)

Ano ang glaucoma?

Ito ay grupo ng mga sakit na nagdudulot ng paunti-unting pagkasira ng ugat ng mata (optic nerve). Kadalasan may kaugnayan dito ang presyon ng mata. Ang ugat ng mata ay ang kable na nagdudugtong ng mata sa utak. Kapag nasira ang ugat ng mata ang paningin sa gilid (peripheral vision) ay unti-unting nawawala hanggang sa mabulag.

Bakit seryosong sakit ng mata ang glaucoma?

Ang pagkasira ng paningin na dulot ng glaucoma ay hindi na maibabalik ngunit kayang mapigilan ang paglala nito. Hindi ito katulad ng katarata na kayang ibalik ang linaw ng paningin sa pamamagitan ng operasyon.

Gaano kalaking problema ang glaucoma?

Ang glaucoma ay pangalawa sa mga pangunahing sanhi ng permanenteng pagkabulag sa mundo. Humigit kumulang 60.5 na milyong tao sa mundo ay may glaucoma at 8.4 na milyon sa kanila ay bulag sa parehong mata.¹ Sa Pilipinas, ito ang pangunahing sanhi ng permanenteng pagkabulag sa dalawang mata.²

Sino ang pwedeng magkaroon ng glaucoma?

Ang glaucoma ay nakakaapekto ng kahit sino pero mas madalas itong mangyari sa mga matatanda. Ang mga sumusunod ay mas nanganganib na magka-glaucoma at dapat magpatingin sa doctor sa mata:

- Mataas ang presyon ng mata
- May kamag-anak na may glaucoma
- Edad lampas 50

Ano ang mga sintomas ng glaucoma?

Karamihan sa mga may glaucoma ay walang sintomas. Dahil unti-unti at sa gilid nagsisimula ang pagkawala ng

¹ Quigley H, Broman AT. British Journal of Ophthalmology. 2006.

² Cubillan LDP, Olivar-Santos E. Philippine Journal of Ophthalmology. 2005.

paningin, maraming may glaucoma na hindi napapansin na may problema hanggang malawak na ang nawalang paningin. Iilan sa mga may glaucoma ay may sintomas katulad ng pananakit ng mata, paglabo ng paningin, pamumula ng mata, pananakit ng ulo, pagsusuka o may nakikitang bahaghari sa paligid ng mga ilaw.

Paano malalaman na may glaucoma?

Tinitingnan ng doktor ang ugat ng mata, sinusukat niya ang presyon ng mata at sinisilip niya ang daluyan ng likido ng mata. Mayroon ding mga espesyal na pagsusuri na pwedeng gawin para masukat ang lawak ng paningin at ang ugat ng mata. Minsan hind pa rin sigurado kung may glaucoma kahit naka-ilan nang eksamin kaya kailangan bantayan kung magkaka-glaucoma.

May lunas ba ang glaucoma?

Walang lunas ang glaucoma. Anumang sira ng ugat ng mata na dulot ng glaucoma ay permanente. Pero kayang pigilin ang pagtuluy-tuloy ng glaucoma lalo na kapag maagang natuklasan. Sa ilang kaso, kayang bawasan ang panganib ng glaucoma bago pa magsimula ang pagkasira ng ugat ng mata.

Paano ginagamot ang glaucoma?

Nagagamot ang glaucoma ng pamatak, "laser" o operasyon depende sa klase ng glaucoma at sa lala ng glaucoma. Dahil walang lunas, panghabangbuhay na bantayan at gamutan ang ginagawa ng doktor sa mata.



Ito ay serbisyong pampubliko ng
Philippine Glaucoma Foundation & Philippine Glaucoma Society
Suite 2207 Medical Plaza Ortigas, San Miguel Ave.,
Ortigas, Pasig City
Telefax: +63 2 6340724
www.philippineglaucomasociety.org